here & now

# Ang mga Talinghaga ng mga Buto ng Mustasa at ng Pampaalsa

WEEK 2

## WARM-UP

- Ikuwento kung ano ang alam mo tungkol sa paggawa ng tinapay. Naranasan mo na bang gumawa ng tinapay, o gusto mo ba itong masubukan?
- Ano ang isang papuring ibinigay sa iyo na tumatak sa isipan mo simula nang narinig mo ito? Ano ang isang salita na laging ginagamit ng mga tao tuwing inilalarawan ka?
- Balikan ang isang panahon kung kailan nagtrabaho ka ng mabuti, kahit walang nakakakita sa ginagawa mo.

## WORD

*[31]Ikinuwento pa sa kanila ni Jesus ang paghahalintulad na*
*ito: "Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng isang buto ng*
*mustasa na itinanim ng isang tao sa kanyang bukid. [32]Ito*
*ang pinakamaliit sa lahat ng buto. Ngunit kapag tumubo*
*at lumaki na, nagiging mas mataas ito kaysa sa ibang mga*
*halamang gulay, na parang punongkahoy ang taas, at*
*pinupugaran ng mga ibon ang mga sanga nito." [33]Isa pang*
*paghahalintulad ang ikinuwento ni Jesus: "Ang kaharian*
*ng Diyos ay katulad ng pampaalsang inihalo ng babae sa*
*isang malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang*
*buong masa ng harina."* **MATEO 13:31–33**

Ang kaharian ng langit ay ang paghahari ng Diyos na pinananabikan ng Kanyang mga anak, ngunit umiiral rin sa kasalukuyan. Bilang mga bahagi ng kaharian, ang Iglesya, ang Kanyang mga mamamayan, ay may misyon na ipangaral ang ebanghelyo, ang mensahe ng kaharian. Noong Siya ay narito sa lupa, ikinuwento ni Jesus ang mga talinghaga ng buto ng mustasa at ng pampaalsa, kung saan matututunan natin ang ilang bagay tungkol sa ebanghelyong ipinapangaral natin.

## 1 Ang ebanghelyo ay tila hindi makabuluhan.

*“Ito ang pinakamaliit sa lahat ng buto. Ngunit kapag tumubo at lumaki na, nagiging mas mataas ito kaysa sa ibang mga halamang gulay, na parang punongkahoy ang taas, at pinupugaran ng mga ibon ang mga sanga nito.”* **MATEO 13:32**

Tulad ng maliit na binhi ng mustasa, pinakamaliit sa mga buto na ginagamit at kilala ng mga taga-Israel, ang mensahe ng ebanghelyo ay tila hindi makabuluhan. Minsan, ang pangangaral ng ebanghelyo ay walang agad-agad na resulta. Maraming mga misyonaryo at mga mangangaral ang nangaral nang maraming taon bago sila nakakita ng bunga. Paano mo magagawang patuloy na manampalataya kahit tila walang magandang kahihinatnan ang ginagawa mo? Paano mo maipapaalala sa sarili mo na ang Diyos ang nagdadala ng paglago?

## 2 Ang ebanghelyo ay kumikilos ng hindi nakikita.

*Isa pang paghahalintulad ang ikinuwento ni Jesus: “Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng pampaalsang inihalo ng babae sa isang malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina.”* **MATEO 13:33**

Ang binhi ng mustasa ay patuloy lang sa paglaki hanggang sa maging isa itong puno at ang pampa-alsa naman ay kumakalat sa buong masa ng harina. Bagama’t hindi halata, ang bawat binhi sa kaharian ng Diyos ay may naidudulot na malaking epekto. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang ebanghelyo ay kumikilos sa ating buhay at sa pamamagitan ng buhay natin bagama’t hindi natin ito nakikita. Sa pagtanggap ng mga tao ng ebanghelyo, lumalaki ang kaharian. Paano mo magagawang patuloy na manampalataya kahit na hindi ka agad nakakakita ng bunga?

## 3 Ang ebanghelyo ay may napakalaking bunga.

*[32]"Ito ang pinakamaliit sa lahat ng buto. Ngunit kapag tumubo at lumaki na, nagiging mas mataas ito kaysa sa ibang mga halamang gulay, na parang punongkahoy ang taas, at pinupugaran ng mga ibon ang mga sanga nito." [33]Isa pang paghahalintulad ang ikinuwento ni Jesus: "Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng pampaalsang inihalo ng babae sa isang malaking planggana ng harina, at napaalsa nito ang buong masa ng harina."* **MATEO 13:32,33**

Sa huli, ang binhi ng mustasa ay tutubo at magiging pinakamalaking puno. Ang kaunting pampa-alsa naman ay kumakalat sa buong harina. Tulad nito, malaki rin ang epekto ng ebanghelyo dahil narito ang pinakamahalagang mensahe sa buong mundo. Ang ebanghelyo ay malawak at malalim, nakaaapekto at nagdadala ng pagbabago bagamat hindi nakikita. Ano ang sinasabi sa 1 Corinto 3:6 tungkol sa paglago ng mga mananampalataya?

## APPLICATION

- Ang ebanghelyo ay ang mensahe ng kaharian. Paano nagsimulang maitanim ang ebanghelyo sa puso mo? Paano nakakatulong ang pananaw na patuloy ka pang binabago ng Diyos sa paraan mo ng pamumuhay?
- Tingnan ang mga tao sa paligid mo sa pananaw ng kaharian. Ano ang mga maaari mong gawin upang ipangaral ang mensahe ng kaharian sa iyong mga kapamilya at kaibigan?
- Ang Iglesya ay may misyong ipahayag ang ebanghelyo. Ano ang bahagi mo sa misyong ito? Paano mo maipapangaral ang mensahe ng ebanghelyo sa iyong komunidad?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos dahil hinayaan Niya na mag-ugat ang ebanghelyo sa buhay mo. Pasalamatan Siya para sa taong nagbahagi ng ebanghelyo sa iyo at sa relasyon na mayroon ka ngayon sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang pagkakataon upang makapagtanim ng mga binhi ng ebanghelyo sa puso ng mga kaibigan at kamag-anak mo. Pasalamatan Siya sa paghahanda ng kanilang mga puso upang tanggapin ang ebanghelyo.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga katagang maaari mong sabihin sa pangangaral mo ng ebanghelyo. Ipanalangin na magkaroon ka ng pananampalataya upang patuloy na magtanim, na buo ang paniniwalang ang mga binhi ng ebanghelyo ay tumutubo kahit pa hindi mo sila nakikita.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph